ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Mail Permit No. 2C-17-05-533
Office of Entry: Bacoor City, Cavite
Entered as 1st Class

Taon 3 • Blg. 38 Enero 28-Pebrero 3, 2019 • P10.00



## SHAINA MAGDAYAO, tama lang na magpahinga at magrelaks-relaks

p.8

Sa inisyatibo ng CPPLI at PIA 4-A...

# PULONG BALITAAN NG CAVITE LOCAL MEDIA SA HEPE NG PCOO



pahina 2

LIVELIHOOD ACTIVITIES MARK 'ATI' CALABARZON'S 32 YEARS pahina 4

PARAK SA CHECKPOINT, BINANGGA NG LADY RIDER p.12

MAAGANG REGISTRATION SINIMULAN NA NG DEP-ED p.7

MARIJUANA BILANG ALTERNATIBONG GAMOT, APRUBADO KAY RD JANAIRO p.5

COUNTRY'S EXECUTIVE WOODPUSHERS SASABAK SA 2019 PECA NATIONAL EXECUTIVE CHESS CHAMPIONSHIP (WESTERN VISAYAS QUALIFYING LEG) p.6

HELPER HINIWALAYAN NG LIVE-IN PARTNER NAGBIGTI p.11

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

### Sa inisyatibo ng CPPLI at PIA 4-A... (Istorya ni Romy Santos, mga kuha ni J. Billones)

# PULONG BALITAAN NG CAVITE LOCAL MEDIA SA HEPE NG PCOO

**ISANG pulong balitaan ang isinagawa kamakailan ng mga mamamahayag na nakabase sa Cavite sa hepe ng Presidential Communications Operations Office (PCOO).**

Ginanap ito sa Gerry's Grill Restaurant and Bar, The District, sa Imus City, Cavite nitong Enero 24.

Ang nasabing pagtitipon ay batay na rin sa inisyatibo ng Cavite Province Publisher's League Inc. (CPPLI) at ng Philippine Information Agency (PIA) Region 4-A; Cavite-Laguna-Batangas-Rizal-Quezon (CALABARZON).

Malugod na sinalubong nina CPPLI President Rebecca Velasquez at Secretary Maria Francesca Orlain ang pagdating nina PCOO Secretary Martin Andanar at PIA 4-A Regional Director Maria Cristina Arzadon.

Bago nagtungo sa venue ang kalihim ay nagkortesiya muna ito sa tanggapan ni Imus City Mayor Emmanuel Maliksi.

Isa sa mga napag-usapan ay ang nalalapit na Wagayway Festival ng lungsod at tiniyak ni Andanar kay Maliksi na ang government media ay nakahanda ang suporta sa naturang kapistahan ng Imus City.

Pagkatapos nito, sa pagharap ni Andanar sa Cavite local media ay masayang binanggit nito na 'nakakatuwa naman na ang Imus City ay flag capital ng Pilipinas.'

Inihayag ng hepe ng PCOO sa kanyang paunang pagsasalita ang magandang adhikain ni Pangulong Rodrigo Duterte sa lahat ng mamamahayag sa bansa.

Bunga umano ng maayos na ugnayan sa pagitan ng media at pamahalaan ay nawala sa top 3 list ang Pilipinas bilang isa sa mga delikadong bansa para sa mga mamamahayag.

Sa pagsisimula ng talakayan ay idinulog ni Orlain, publisher ng Cavite Times Journal, ang tungkol sa hinaing o problema ng mga mananakay sa Paranaque Integrated Terminal Express (PITX) at nangako si Andanar na ito ay gagawaan ng kaukulang aksiyon.

Humiling ng tulong ang mga local media sa PCOO chief tungkol sa usapin sa National Press Club (NPC).

Nabatid na mayroon ilang kagawad ng media na nais maging regular member ng NPC subalit hindi natatanggap dahil lingguhan o weekly lamang ang kanilang outlet o entity.

Bagaman hindi saklaw, makikipag-ugnayan at makikipagdayalogo si Andanar upang mailatag ang naturang usapin sa liderato ng NPC na kasalukuyang pinamumunuan ni President Rolando 'Lakay' Gonzalo.

Sa pagtatapos ng naturang pagtitipon ay tiniyak ng hepe ng PCOO ang ayuda ng kanilang tanggapan sa lahat ng local media.

Kabilang na rito ang usapin sa seguridad at kaligtasan ng mga mamamahayag na ayon kay Andanar ay sa pamamagitan ng Presidential Task Force on Media Security (PTFoMS) sa ilalim ni Executive Director Undersecretary Joel Egco.

Matatandaan pinapurihan ni Pangulong Duterte si Egco dahil sa paglulunsad ng babasahing 'Handbook on Personal Security Measures for Media Practitioners.'




Nagbigay ng mensahe si CPPLI President Velasquez kasabay ng pagpapakilala sa dalawang panauhin.




PCOO Sec. Andanar, CPPLI President Velasquez, at PIA 4-A RD Arzadon.



Ang mga mamamahayag ng Cavite na nagpakuha ng larawan pagkatapos ng talakayan kasama sina Sec. Andanar at RD Arzadon.

## Andanar named Best Media Personality of 2018

**MANILA** — Presidential Communications Operations Office (PCOO) Secretary Martin Andanar was awarded the Best Media Personality of 2018 by The Daily Tribune.

The Manila-based broadsheet publication recognized Andanar for his role to promote the policies and programs of President Rodrigo R. Duterte, particularly outside of the country.

"He (Andanar) wants to bring President Rodrigo Roa Duterte's policies internationally to inform them about what is really happening on the ground. This is where the role of the Office for Global Media and International Affairs (OGMIA) enters — to usher international press and engage with them," the Daily Tribune said in a press release.

It also recognized Andanar's contribution in promoting the welfare and safety of media workers in the country through the creation of the Presidential Task Force on Media Security (PTFoMS).

"As a mediaman himself, Sec. Martin Andanar strongly pushes for his advocacy to cooperate with the media workers," according to the publication.

"He sticks to three media objectives: creating media policies, engaging with the media, and giving media solutions. Sec. Andanar engages with regional media to attend to their concerns and issues and be of help through media solutions," it added.

Andanar, a former television broadcaster, expressed appreciation and gratitude for the recognition he received from the Daily Tribune.

In December last year, Andanar received the Dangal ng Sambayanang Filipino Award for Pinaka Mahusay sa Panglilingkod Bayan in the Gawad Filipino Awards.

He was also awarded the 'Most Outstanding Public Servant' during the 2nd Diamond Golden Awards in November last year.

Andanar was also recognized by the National Press Club (NPC) for his support for press freedom and the welfare of the Philippine media community. ***(PNA)***




'DUTERTE SIGN' sina PCOO Secretary Martin Andanar at HANEP Publisher Romeo Santos.

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Palala na nang palala

**ISINAGAWA** ang debriefing ng pamunuan ng Mangaldan National High School sa mga estudyante kasama pati ang mga personnel.

May kinalaman ito sa gulo o nangyaring suntukan sa loob ng paaralan.

Nakakalungkot na sa nangyaring insidente ay humantong sa kamatayan ng isang Grade 11 student.

Kaya ang sabi ng principal ng eskuwelahan na si Dr. Leo Blaquir, layunin ng naturang debriefing na hindi mauulit ang insidente.

Sana nga ay wala ng magbubuwis pa ng buhay dahil sa ganoong kaguluhan.

Kaya kinakailangan ang ibayong safety at security measures na pagpapatupad.

Mahalaga at malaking bagay din ang paglalagay ng karagdagan pang mga CCTV Cameras.

Dagdag na mga guwardiya ay dapat din na magagamit sap ag-iikot upang mapipigilan ang mga insidente ng pananakit at ang pambu-bully.

Ang pambu-bully ay isa sa mga mitsa ng kaguluhan o karahasan na kung minsan ay nauuwi sa patayan kahit pa sa kanilang murang edad.

Hindi man nagkukulang ang bawat paaralan sa pagpapaalala sa mga estudyante ng character o values formation na mahalagang aspeto upang hindi mapariwara ay tila kulang pa rin para sa kanilang mga mag-aaral.

Kumusta na kaya ang naisampang kasong homicide laban sa tatlong estudyante na itinuturong nasa likod ng pagkamatay ng kanilang kaeskuwela?

Ganoon din ay kumusta naman din kaya ang imbestigasyon ng kapulisan sa kaso umano ng pambubugbog ng apat na estudyante sa mga kapwa nila estudyante sa Paoay City, Ilocos Norte?

Kumusta na rin kaya ang biktima na hindi pinangalanan, naisailalim na kaya sa operasyon.

Pahayag kasi ni Jeff Agcolicol, tiyuhin ng biktima, nadis-align ang ilong ng kanyang pamangkin bunga ng insidente.

Dapat lang makipagtulungan ang mga magulang ng apat na mag-aaral na umano'y responsable sa pambubugbog na sagutin ang bayarin sa operasyon o iba pang danyos.

Hindi lang sa ilong napuruhan ang biktima bagkus namaga umano pati ang mata nito.

Ang biktima ay estudyante ng Paoay National High School at ang apat na sinasabing nambubugbog ay pawang Senior High School students.

Nasa sekondarya pa lamang ang mga ito, ganyan na ba talaga ang mga kabataan ngayon?

Tila madali na para sa kanila ang pumasok o gumawa ng ano mang kaguluhan.

Bunga ng kakaibang silakbo ng damdamin ay hindi na nila alintana na maaaring kamatayan ang kahantungan ng bawat isa sa kanila o ng magkabilang panig o grupo.

Palala na talaga nang palala ang sitwasyon sa hanay ng mga kabataan.



**ENSURING A HEALTHY AND PRODUCTIVE COMMUNITY.** To uphold its commitment in making every Caviteño healthy and productive, the Provincial Government of Cavite sponsored another medical and dental mission on January 18, 2019 in Brgy. San Rafael III through the request of Mr. Edyzer P. Osias, President of Noveleta National High School Alumni Association. Almost 300 residents were treated by the joint medical and dental team of the Provincial Health Office, the 15th Strike Wing of Philippine Air Force, the 125th Squadron of Philippine Coast Guard Auxiliary and private medical practitioners, Dr. Joven Amor A. Mostajo, Sr. and Dr. Joven Amor T. Mostajo, Jr. Beneficiaries received free medical consultation, dental check-up, tooth extraction, oral prophylaxis and fluoride application for children, as well as medicines and vitamins.—**PICAD**

# EDITORYAL

## Malaking bagay

**NGAYONG Pebrero ay nasa isang taon na ang nakakalipas mula nang maihain ang House Bill 3934.**

**Layunin ng panukalang ito na makatulong sa mga senior citizens sa nararanasang patuloy na pagtataas sa presyo ng mga bilihin gayundin ang serbisyo sa bansa.**

**Tanging minimithi ni Bayan Muna Party-list Rep. Carlos Isagani Zarate na pagtuunan ng agarang pansin at aksiyon ang ang kanilang apela.**

**Umaasa ang mambabatas na maaprubahan na sa lalong madaling panahon ang panukalang dagdag na social pension ng mga senior citizens.**

**Sana ay pakinggan at kumilos kaagad si House Speaker Gloria Macapagal Arroyo hinggil dito.**

**Kung maaaprubahan at magiging ganap na batas ang panukala ay magkakaroon ng dagdag na P1,000 sa social pension mula sa dating P500 ng mga senior citizens, na tumatanggap lamang ng P3,500 ng buwanang pensyon.**

**Malaking bagay at tulong ito para sa kanila.**

ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian, Kawit, Cavite
Contact Nos. 0977-7844136/ 0929-8127638
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

***Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.*** papi

HANEP Basahin Mo Ito!
Enero 28-Pebrero 3, 2019

# LIVELIHOOD ACTIVITIES MARK 'ATI' CALABARZON'S 32 YEARS

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite – The Agricultural Training Institute (ATI), the Department of Agriculture's (DA) training arm in Calabarzon, on Monday bared its 32nd anniversary activities, to be conducted at its training complex in Lapadario village from January 28 top 30.**

ATI Information Officer Dr. Rolando V. Maningas said the celebration themed "Sustaining Vibrant Agricultural Productivity Through Harmonized and Proactive Extension Services", will be marked by a motorcade around Trece Martires City, training, demos, exhibit of agricultural products and livelihood forums.

"It will also include the oath taking of our four regular staff and the awarding of loyalty to four ATI Calabarzon officers and staff," Maningas said, adding the awards rite is slated Jan. 28 following the motorcade.

The awardees include ATI 4-A Center Director Maritess Piamonte Cosico, who together with her Assistant Director and Training Superintendent Mariel Celeste C. Dayanghirang will mark their 35th year with the Center.

ATI's partner farms will be holding their 'tyangge' (bazaar), showcasing various farm products from January 29 to 30.

Lectures on "Natural Feed Formulation for Native Pig Production" and "Capsulizing Your Herbs and Spices: Producing Higher Value Planting Materials by Creative Propagation Techniques" as well as a free seminar on urban agriculture are also lined up on January 29 and 30, respectively.

Simultaneous discussions on "Angas" Beef: Heritage Rediscover cooking demo and herbal soap making using farm-available materials await the participants on January 30.

As DA's extension arm here, the ATI is taking the lead in providing extension services for sustained agricultural productivity in Cavite and the rest of the Calabarzon region. ***(Gladys Pino-PNA)***

# SC clears 3 men of drug raps

MANILA — Three men who were arrested in a drug operation and subsequently convicted by a lower court in 2015 have been ordered released by the Supreme Court (SC) following findings that law enforcers made shortcuts in the disposition of evidence.

In a 13-page decision dated January 7, written by Associate Justice Diosdado Peralta, the High Court acquitted Emmanuel Oliva, Bernardo Barangot, and Mark Angelo Manalastas, citing the failure of prosecution to prove their guilt beyond reasonable doubt, three years after they were arrested in a buy-bust operation in 2015.

Associate Justices Marvic Leonen, Andres Reyes, Ramon Paul Hernando, and Rosmari Carandang concurred in the decision that reversed the decision handed down by the Makati Regional Court Branch 65 against the three accused on Oct. 28, 2015.

"The rules require that the apprehending officers do not simply mention a justifiable ground, but also clearly state this ground in their sworn affidavit, coupled with a statement on the steps they took to preserve the integrity of the seized item," the SC said.

"A stricter adherence to Sec. 21 (of Republic Act No. 9165) is required where the quantity of illegal drugs seized is miniscule since it is highly susceptible to planting, tampering and alteration," the court noted.

The three men were arrested in an operation of the Makati Police Station Anti-Illegal Drugs - Special Operations Task Force (SAID-SOTF) on Jan. 23, 2015 against a certain "Manu" in Barangay Cembo. The buy-bust operation was led by PO3 Luisito Marcelo.

In their appeal, the suspects pointed out that the arresting officers failed to immediately conduct a physical inventory of the seized items and photograph the same in the presence of the accused, their representative or counsel, mediamen or authorized representative of the Department of Justice.

The SC upheld their claim that the oversight proves the prosecution failed to establish every link in securing the chain of custody of the seized items as required by law. *(PNA)*



**PGC BRINGS FREE MEDICAL SERVICESTO IMUSEÑOS.** In its continuous effort to improve the quality of life of every Caviteño, the Provincial Government of Cavite through the Office of the Provincial Governor-Extension in partnership with the Provincial Health Office and Imus City Health Office conducted a medical and dental mission on January 21, 2019 at Brgy. Anabu I-C, City of Imus. The medical team from Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospital checked and gave prescribed medicines to a total of 470 patients while some 26 patients underwent tooth extraction performed by the dental team from Imus City Health Office.**—PICAD**

# Use of dumpsites in Laguna, Batangas boundary still suspended

**CALAMBA CITY, Laguna** — The Department of Environment and Natural Resources (DENR) Calabarzon has reminded dumpsite operators in the boundary of Laguna and Batangas not to dump trashes and solid wastes in these areas.

This, after a team led by Regional Executive Director lawyer Maria Paz Luna conducted inspection and assessment at the dumpsite in Barangay Kay-Anlog in Calamba City and the nearby dumpsite in Barangay Laurel in Tanauan City, which residents and concerned citizens have complained about.

Ann Hazel Javier, DENR Calabarzon (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal and Quezon) Regional Public Affairs Office (RPAO) chief, said on Saturday the team learned there were several garbage trucks from Cavite, Laguna and Batangas that disposed of trashes and solid wastes in these areas.

Javier reminded erring dumpsite operators of the DENR's Environmental Management Bureau (EMB) existing suspension order about the use of dumpsites, and the prohibition of entry of garbage trucks to said sites.

"Binalaan rin ng mga opisyal na bukod sa pagpapatigil, ay maaring kasuhan ng danyos ang operator para sa pinsala sa kapaligiran partikular sa water table, na ayon sa bilang ng trak na pumasok labag sa kautusan (Environment) officials also warned that besides the suspension order, the dumpsite operator may face charges and be held liable for the damage on the environment particularly on the water table, based on the number of trucks which entered the site in defiance to the order)," she said.

Javier cited SB Hain dumpsite operated by a certain Severiano Hain, who received the suspension order from the DENR-EMB Calabarzon on October 2018 and was also the subject of a complaint on illegal quarrying operation on May 2018.

A cease and desist order for the dumpsite was also issued by Mines and Geosciences Bureau (MGB) director Samuel Paragas in July 2018.

Javier noted the dumpsite is about 200 meters from the Laurel Elementary School, barangay hall and other residential units in the village.

She said the site is just beside a creek which streams to the San Juan River flowing to the Laguna Lake and its tributary through the Pasig River and onwards to Manila Bay.

The DENR and local government units have been receiving complaints about the stinking odor in the garbage site from residents and local villagers, who estimated around 100 garbage trucks that were sighted to have passed by the site.

EMB data sourced from the LGUs also confirmed their residual wastes have been dumped into the site, breaching limits on the capacity of the trash site since dumpsite under category 1 could only allow only 15 truckloads of garbage.

Meanwhile, DENR Calabarzon is urging the region's LGUs and their service providers to reduce their volume of garbage and promote their respective segregation, material recovery facilities, dry residuals, the 'reduce, reuse, recycle' schemes and composting process for biodegradable wastes. ***(PNA)***

# DOLE, nakapagtala ng 99% SENA settlement rate sa Gitnang Luzon

**LUNGSOD NG SAN FERNANDO**, Pampanga (PIA) — Nakapagtala ang Department of Labor and Employment o DOLE ng 99 porsyentong settlement rate sa mga labor disputes sa Gitnang Luzon nitong 2018 sa pamamagitan ng Single Entry Approach o SENA.

Ayon kay DOLE Regional Director Zenaida Angara-Campita, nag-ugat ang mataas na resolution rate mula sa pagkakaresolba ng 2,234 sa 2,250 requests for assistance o RFAs na nagbigay daan upang makuha ng may 5,787 manggagawa ang kanilang monetary claims na umabot sa lampas P160 milyon.

Bulacan ang nakapagtala ng pinakamataas na settlement record na umabot ng P79.49 milyon para sa 1,068 manggagawa.

Sinundan ito ng Pampanga na may P41.20 milyon para sa 2,800 manggagawa; Tarlac- P20.42 milyon para sa 659 manggagawa; Zambales- P9.21 milyon para sa 545 manggagawa; Nueva Ecija- P3.61 milyon para sa 244 manggagawa; at Aurora- P1.46 milyon para sa 56 manggagawa.

Samantala, nakapagresolba din ng kaso ang Regional Office na umabot sa P43,043.39 para sa tatlong manggagawa.

Patuloy din aniya ang kanilang mga tanggapan sa pagsisikap na mapabilis ang pagresolba ng mga kaso at pagproseso ng monetary claims na tumatagal lamang ng tatlo hanggang apat na araw kumpara sa 30 araw na pamantayan sa ilalim ng programa ng SENA.

Ang SENA ay isang social mediation reform program ng DOLE na nakatuon sa mabilis at murang paraan sa paghawak ng mga alitan sa trabaho. **(CLJD/MJLS-PIA 3)**

# MARIJUANA BILANG ALTERNATIBONG GAMOT, APRUBADO KAY RD JANAIRO

**NANINIWALA ang isang opisyal ng Department of Health (DOH)-CALABARZON (Cavite Laguna Batangas Rizal Quezon) sa paggamit sa marijuana bilang alternatibong gamot.**

Sa panayam kay DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo Janairo, ang marijuana ay ginagamit noon pa man bilang gamot sa ubo, hika o kombulsiyon.

Gayunman, nagbabala si Janairo na dapat munang i-set ang kontrol ng paggamit, kung paano ito gamitin at hindi naman kailangang kaagad pakawalan ang paggamit nito.

"Ang mahirap kasi, inaabuso ang paggamit at yun ang role ng society na dapat bantayan, paano ito gamitin at huwag abusuhin." ayon kay Janairo

Paliwanag pa ni Janairo na hindi ginagamit ang buong marijuana dahil iniextract muna ang dahon nito.

Naniniwala naman si Janairo na matatagalan pa bago ito tuluyang matanggap at magamit.

"Malaking awayan pa ang mangyayari bago magamit" pagtatapos ni Janiaro. **GENE ADSUARA**

## Tangkeng nakakalason, kinumpiska sa 'Dasma

**IPINAG-UTOS** ng lokal na pamahalaan ng Dasmarinas City ang pagkumpiska sa isang tangke na hinihinalang naglalaman ng nakakalason at banta sa kalusugan ng tao matapos na ireklamo ng mga residente dahil sa nakakasulasok nitong amoy.

Paglabag sa RA 6969 (Toxic Substances and Hazardous and Nuclear Wastes Control Act of 1990) ang isinampang kaso laban sa nagmamay-ari ng junkshop na si Jojit Alcantara, 43, may live-in partner, ng Purok 3, Brgy Langkaan 1, Dasmarinas City; at may-ari ng tangke na si Gerry Meneses, 53, ng Blk 16 Lot 51 Phase 2, Solar Homes, Brgy. San Agustin 1, Dasmariñas City.

Sa ulat ni PO2 Dexter Anadilla, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-3:00 ng hapon nang ipag-utos ni Dasmarinas City Mayor Pidi Barzaga ang pagsasagawa ng inspection at pagkumpiska ng isang tangke na hinihinalang naglalaman ng nakakalasong kemikal sa loob ng Jet Alcantara Junkshop na pagmamay-ari ni Alcantara.

Nag-ugat ang pagkumpiska sa nasabing tangke sa reklamo ng mga residente ng Purok 3 Barangay Langkaan 1 dahil sa nakakasulasok nitong amoy.

Ayon kay Anadilla, nang puntahan ng lokal na pamahalaan, nabatid na may tagas ang nasabing tangke na hindi mabatid kung anong klaseng kemikal ang laman nito na nagresulta sa pagkakakumpiska.

Hindi rin umano alam ni Alcantara kung anong kalseng kemikal ang laman ng nasabing tangke na ibinigay lamang ni Meneses sa kanya.

Hawak ng Dasmarians CPS ang nasabing tangke para ipasuri ito. **GENE ADSUARA**



**PGC'S UGNAYAN SA BARANGAY CONTINUES IN BULIHAN, SILANG.** The Provincial Government of Cavite's Ugnayan sa Barangay Program continues its visit around the province as it goes to Brgy. Narra 2 in Bulihan, Silang on January 21, 2019 where Gov. Jonvic Remulla had the chance to have a dialogue with the residents and know their sentiments on behalf of his brother Gov. Boying Remulla. Sixth District Board Member Ivee Jane Reyes was with him and delivered message of support to the plans and programs of the Remulla administration. Silang Mayor Omil Poblete and Vice-Mayor Aidel Paul Belamide were also present at the gathering and thanked the provincial government for the assistance given to their municipality. Ilocos Norte Governor Imee Marcos who was visiting the province also graced the event.**—PICAD**

## Ginang nasagasaan, patay

**PATAY** ang isang 56-anyos na ginang at sugatan naman ang angkas ng motorsiklong bumangga sa una habang tumatawid ito sa Tagaytay City, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Ospital ng Tagaytay ang biktimang si Perla Sarueda, may-asawa, at ng Brgy. Patuto, South Tagayaty City, habang ginagamot din sa nasabing ospital ang angkas ng nakabanggang motorsiklo na kinilala lamang sa alias Mycca at residente ng Tagaytay City.

Naaresto naman ang driver ng motorcycle na si Melquiades Sarmineto, 49, may-asawa, maintenance, at ng Purok 40, Brgy. Guinhawa, South Tagaytay City.

Sa ulat ni SPO2 Norberto Etchon, ng Tagaytay City Police Station, dakong alas-8:00 Miyerkules ng umaga, minamaneho ng suspek ang kanyang motorsiklo habang binabagtas ang kahabaan ng Crossing Mendez Road patungo sa South direction nang pagsapit sa nasabing lugar nang mabangga nito ang biktima na noon ay papatawid

Dahil sa lakas ng pagkakabangga ay tumilapon ang angkas nito na nagresulta sa kanyang pagkakasugat.

Ang biktima at angkas ng suspek ay kapwa dinala sa ospital subalit namatay si Sarueda. **GENE ADSUARA**



HELMET

ni FREDDIE MANALAC

## ANG WALANG PAGBABAGO SA LOOB NG KARERAHAN

ANG LABIS na pinagtataka ng Bayang Karerista sa tatlong karerahan ay wala pa rin pagbabago kahit sino pa daw ang mag-manage o mamahala sa mga ito.

Ang Metro Manila Turf Club ay may humawak ng bagong grupo namamahala upang baguhin o linisin ang hindi kanais-nais na mga nangyayari tuwing araw na may karera.

Kahit magbigay pa raw na malaking papremyo ang karerahan sa mga horse owner sa mga nananalong kabayo ay nandiyan pa daw ang perderan o pagbabayahe ng kanilang kabayo.

Ang pinagtataka ng Bayang Karerista ay bakit nangyayari ito na walang ginagawa ang mga kinauukulan. Wala ba daw silang nakikita sa mga karapalan ginagawa ng mga hinete sa ibabaw ng kanilang kabayo sa aktuwal na laban.

Napapanood ng Bayang Karerista sa TV monitor sa mga Off-Betting Stations (OTB) ang karapalan pagpeperder ng isang hinete sa kanyang sakay na kabayo.

Meron daw bang SINDIKATO sa loob o sa labas ng karerahan na nag-mamaneobra hanggang ngayon sa tatlong karerahan dito sa ating bansa.

Dapat daw ito bigyan ng malaking pansin ng mga opisyal na namamahala sa Horse Racing Industry upang lubos na matigil ang mga ganitong kalukuhan sa karera.

Kung matitigil ito ay muling babalik ang tiwala ng Bayang Karerista at muling sisigla ang karera dito sa ating bansa ng kinagigiliwan ng libo-libong karerista.

**AKSYON ANG KAILANGAN DITO MGA BOSSIN !**

**OOO**

Noong nakaraang karera sa Metro Manila Turf Club, Enero 22,2019 ay dominado ng mga liyamadong kabayo ang mga nagwagi.

Sa umpisa ng karera ay liyamado agad ang nanalo at hanggang matapos ang karera ay puro liyamado pa rin mga kabayo nagwagi.

Ang mga naging dibidendo sa Pick4 ay P15.60 sa unang Pick5 ay P91.80, sa ikalawang Pick5 ay P33.60 sa Pick6 ay P87.40 at sa WTA ay P160.60.

Ito kaya ang pinakamaliit na binigay na dibidendo sa mga exotics bet.

Masaya ang mga mananayang maliliit dahil nakita nila ang taya nila ay nilalaban kahit maliit ang nagiging dibidendo.

OOO

**BAYANG KARERISTA** abangan po natin ang paghataw ng 2019 Japan Cup sa Pebrero 3,2019 sa karerahan ng Metro Manila Turf Club.

Ang mga nominadong kalahok ay Eugene Onegin, Hiway One, Lakan, Lemon Drop Title, Pride Of Laguna, Son Also Rises, Sooner Time at Summer Romance.

Meron guaranteed prizes na P500,000 na hahatiin sa $1^{st}$ P300,000; $2^{nd}$ 112,500; $3^{rd}$ 62,500 at sa $4^{th}$ P25,000.

# Country's executive woodpushers sasabak sa 2019 PECA National Executive Chess Championships (Western Visayas Qualifying leg)

**NAKASENTRO ang lahat sa chess games sa pagtulak ng pinakahihintay na 2019 Philippine Executive Chess Association (PECA) National Executive Chess Championships (Western Visayas Qualifying leg) na tutulak sa Pebrero 9, 2019 (Sabado) sa ganap na alas-otso ng umaga na gaganapin sa SM Southpoint sa SM City Iloilo, Benigno Avenue, Mandurriao sa Iloilo City.**

"The Tournament is open to all qualified members of PECA whose ages are 25 years-old and above." sabi ni seven-times Philippine Executive Champion Dr. Jenny Tarrosa Mayor.

"We expect very interesting and exciting games ahead in the 2019 Philippine Executive Chess Association (PECA)," dagdag pa ni Dr. Jenny Tarrosa Mayor, isa sa prime movers ng PECA na siya ding incoming president.

Ayon kina National Arbiter Cyril Telesforo at National Master/National Arbiter Carlito Lavega ng Iloilo Provincial Chess Association (IPCA), ipapatupad sa torneong ito ang 6 o 7-round Swiss System, depende sa number ng participants via 20 minutes plus five seconds delay per move format na ang magkakampeon ay tatangap ng P10,000 , second place P7,000, third place P5,000, fourth place P3,000 at fifth place P2,000.

May nakalaan sa category winners para sa Top Senior, Top 1900 and Below, Top Unrated, Top Western Visayas at Top Female na may tig P1,000.

Ang registration fee ay P1,000 sa early birds on or before February 8, 2019. Ang on-site registration fee ay mag i-increase ng P200, na magiging P1,200 sa February 9, 2019. Ang PECA membership fee ay P1,000.

Sa pagpapatala at detalye ay makipag-ugnayan kina Dr. Jenny T. Mayor-0935-100-4755, NA Cyril Telesforo - 0923-693-9965 at NM/NA Carlito Lavega - 0966-733-2998 . **(Marlon Bernardino)**



**PSC CHAIRMAN - WE WIN AS ONE –** SI PSC Chairman William Ramirez sa kanyang pagbibigay ng update para sa papalapit na 2019 Sea Games sa bansa kung saan ay nakatakdang ganapin sa apat na venue maging ang mga nadagdagan na sports na kalahok sa nasabing kumpitisyon. **(RGN)**

# 1st Coach Idle at Atty. CB Beltran Tatlohan chess team tourney sa Pebrero 24

**NALALAPIT** na ang pagsulong ng 1st Coach Idle Datu at Atty. CB Beltran Tatlohan Chess Team Tournament sa Pebrero 24, 2019 na gaganapin sa third floor na gaganapin sa Alphaland Southgate Mall, Edsa Magallanes sa Makati City.

Bukas ang nasabing torneo sa lahat ng titled o untitled chess players ayon kay coach Idlefonso Datu. "Team composition, three players with or without titled chess players. Titled chess players should be on board one." ani coach Datu.

" Titled chess players should be on board one. Minimum ratings to countfor individual, 1800 for below 1800 or unrated player." huling pananalita ni coach Datu.

Nakataya ang P40,000 plus trophy sa magkakampeon na koponan sa one-day event na pangangasiwaan ni Chief Arbiter Alexander "Alex" Dinoy ng Chess Arbiter Union of the Philippines.

May nakalaan naman sa second hanggang fifth placers na cash prizes worth na tig P25,000, P15,000, P10,000 at P7,000, ayon sa pagkakasunod.

May special prizes para sa top team performer sa Top 2000 and below (1st P7,000, 2nd P5,000 and 3rd P3,000), Best College team (P3,000) at Best High School team (P3,000). "All Seniors HS/JR HS or mixed JR/HS. Plus three (3) raffle entry worth P3,000 each." ayon sa organizing committee.

May registration fee na P3,300 sa early birds hanggang Pebrero 23, 2019. On-site registration fee ay magtataas ng P400 patungo sa P3,700 sa Pebrero 24, 2019.

Magpadala ng mensahe kay coach Idle sa 0915-977-7586 para sa dagdag detalye.**-Marlon Bernardino-**



**PBA SEASON PARTNER** - NAG shake hand sila PBA Commissioner Willie Marcial at MILCU Chairman Victor D. Cusi kasama sa larawan sina Milcu President Mrs. Teresita S. Cusi, Vice Pres. Paul A. Cusi at Director Paolo E. Matias bilang season partnership ng PBA ang produktong pinoy na Milcu sa ginanap na press conference sa Smart Araneta Coliseum. **(RGN)**



**KABAKA CEREMONIAL TOSS -** NANGUNA sa pag ceremonial toss si Manila Fifth District Congresswoman Cristal Bagatsing para sa sinimulang Kabalikat ng Bayan sa Kaunlaran Foundation Inc. (KABAKA) Street Ball Inter-PODA/TODA "Congw. Cristal Bagatsing Cup 2019" ng District 5 Pedicab / Tricycle Tricycle Drivers 30 years old and above. Kabilang sa larawan sa likuran sina Councilors Laris Borromeo, Charry Ortega, Sports Director Ronnie Canlas at Ricky Boy Isip ng ganapin kamakailan sa Rizal Memorial Stadium sa Vito Cruz, Manila. **(RGN)**



**NCAA WOMEN VOLLEYBALL** - PORMADONG sa spike si UPHS spiker Bianca Tripoli kontra sa depensa ng katunggaling St. Benilde player sa kanilang paghaharap sa final 4 ng NCAA Season 94 Women volleyball sa Fil Oil Flying V Center wagi ang Perpetual Help sa Benilde **(RGN)**

# 1st Mangatarem Bikefest 2019 Panimbatan Buenamano

Nagsosolong tumawid ng finish line si (No. 23) Peter Panimbatan, 20 taong gulang, nang tangkain niyang umalaguwa sa Bulubundukin ng Malulwag pagsapit sa taas ay mabilis siyang bumulusok pababa palikolikong landas upang maiwan nito ang pumangalawang si (No. 03) Christian Quiracio sa oras nitong 30 minuto at mahigit isang oras naman sa pangatlong si (No.4) Sandee Cruz.

Ang naturang karera ay nagaganap ng tatlong araw na kung saan sa kauna-unahang Bikefest sa lugar ng Mangatarem na pinanguhan ng City Mayor na si Ramil Ventenilla,

Samantala ang balikbayang si Rod Mejia, at dating ICFP Sec Gen Armando Bautista sa ang siyang na ngasiwa at nag organisa na sinuportahan ng MNHS Batch 75 ay dinaluhan ng mahigit limangpung siklista.

Inaasahan ng magaganap na tuwing ikalawang taon kasabay ang selebrasyom ng fiesta sa lugar ng Mangatreem. ipinagpatuloy ang bakbakan mula sa harap ng municipyo at iikot sa bayan naman ng Lingayen.

# MAAGANG REGISTRATION SINIMULAN NA NG DEP-ED

Ang Early Registration ay programa ng Department of Education na ginagawa sa mga pampublikong paaralan simula sa huling Sabado ng Enero hanggang sa huling Sabado ng Pebrero taun–taon.

Ang layunin ng nasabing programa ay upang matiyak na lahat ng bata sa komunidad na papasok bilang kinder, grade 7 at grade 11 ay nakapagpatala ng maaga sa mga pampublikong paaralan.

Ito ang magiging basehan ng nasabing ahensya upang maihanda ang mga pangangailangan ng mga mag – aaral sa darating na pasukan tulad ng dami ng mga guro, classrooms, armchairs, aklat at marami pang iba.

Kahit na tapos na ang itinakdang panahon para sa Early Enrolment, ang pagpapalista ng mag – aaral ay tuloy – tuloy upang mabigyan ng pagkakataon ang lahat ng Filipino na makapag – aral.

Tulad nga ng nasabi ng butihing Deped Secretary, Leonor Magtolis Briones, maging ang mga batang may kapansanan, yaong mga nakalugmok sa kahirapan at nakatira sa pinakamalalayong barangay ay dapat hanapin at dalhin sa paaralan.

Ito ay napakagandang layunin ng gobyerno na makakapag – ahon sa bawat Filipino sa karukhaan kung kaya't dapat nating suportahan ang programang ito ng Deped.

Nitong Enero 26, ang lahat ng mga magulang at guro ay nagtulong – tulong sa pagpapalakas ng Early Registration program ng Department of Education na kapaki – pakinabang sa mga mamamayan. (Maria Concepcion S. Gutierrez, PhD)




# How to prevent, control diabetes

MANILA — Making healthy choices in diet and lifestyle is key if you are looking to prevent or control diabetes, a disease that affects millions of Filipinos.

Diagnosed with Type 2 Diabetes Mellitus (T2DM) last year, Germelina Cruz, 77, made changes to her eating habits to ensure that she's not overcome by the disease.

T2DM is a health condition characterized by the high presence of sugar in the blood.

"Half-cup rice *na lang ang kinakain ko tapos gulay at isda. Sa gabi naman, isang slice na lang ng tinapay. Wala na rin akong softdrinks at mga matatamis dahil binabantayan ko ang blood sugar na baka tumaas nang sobra* (only then vegetables and fish are all I eat. In the evening, just a slice of bread. I no longer drink softdrinks and eat sweets because I'm careful that my blood sugar might shoot up," Cruz told the Philippine News Agency (PNA) in an interview.

Cruz said she's fond of eating sweets before she had T2DM.

*"Simula nang nagkaroon ako ng trabaho hanggang tumanda, nahilig akong kumain sa labas kasama mga ka-opisina ko lalo na iyong matatamis. Tapos, lumipas ang taon kapag nagpapatingin ako sa doktor sinasabi lang mataas ang* sugar *ko kaya binigyan ako ng gamot*(When I started working until I aged. I loved eating out with my officemates especially sweets. Then, when years passed, I had a checkup and the doctor said I have high blood sugar and gave me medications) for blood sugar maintenance," she added.

Data from the International Diabetes Federation (IDF) show that there are over 3,721,900 cases of diabetes in the Philippines in 2017 while there are 425 million cases worldwide.

The IDF reported that by 2045, the number of people with diabetes worldwide would rise to 629 million which is equivalent to 48 percent increase in 20 years.

In a recent health forum, Cardinal Santos Medical Center Endocrinology, Diabetes, Metabolism and Nutrition Section head Dr. Rosa Allyn Sy told PNA that in general, Filipino cuisine is not diabetic-friendly because it is oily and loaded with carbs.

She said diabetes, especially T2DM, could be genetic in nature or caused by a bad diet.

"Most Filipinos eat a lot of rice then a small portion of pork or chicken plus softdrinks," she said, adding that it is better to eat black or brown rice because they are fiber-rich and avoid eating junk foods and sweets.

"Sweets, sugar messes your brain. Try it. Drink cola, which has high sugar levels compared to table sugar, and it will send signals to your brain, making you want more sugar, higher level of sugar," she added.

Diabetes can be controlled to prevent complications and diabetics can still live normal and healthy lives.

To control her health condition, Cruz injects insulin three times a day, aside from eating healthy food.

"My husband injects insulin to me in the morning, afternoon and evening. Then, I take oral medications two before each meal and two after each meal," she said.

Because of the pain brought about by the daily injections and blood sugar tests, there are times when Cruz feels depressed and not interested to eat.

*"Kapag sobrang malungkot na ako, minsan pinapayagan ako ng* husband *ko* (When I'm overwhelmed by sadness, sometimes my husband allows me) to eat food I'm craving for so that I'll have appetite to eat, because he thinks it will be more difficult for me to get well if I feel depressed for a long time," she added.

Cruz said due to diabetes she's experiencing blurry vision, impaired hearing, difficulty in walking and slow healing of wounds.

*"Nagkaroon ako ng sugat noong* January last year na gumaling *after a month,* pero noong February naman nagkaroon ako *ng* mataas na lagnat. *Para* maka-*exercise* nagtutulak ako minsan *ng carts* kapag bumibili sa *supermarket* pero sandali *lang* iyon pero sinisikap *ko* na hindi lumagpas sa (I had a wound January last year which healed after a month, but on February I had high fever. To be able to exercise I push carts when buying in the supermarket but only for a short time but I'm careful not to exceed) 200 *ang* blood sugar," she added.

A year since she was diagnosed with T2DM, Cruz said with changes in her diet and physical activities, her blood sugar no longer shoots up.

Exercise, according to Sy, is important to burn the carbohydrates from food, which turn to sugar eventually.

"Most Filipinos, unlike Europeans, don't have physical activities. Europeans walk a lot, or they bike, but I can't blame Filipinos because walking here can sometimes be dangerous, but if you walk at least 10,000 steps a day, which you can track in your smartphone, it's already good exercise," she said.

According to the World Health Organization, simple lifestyle measures could ease the burden or reduce the possibility of T2DM.

WHO advised individuals to achieve and maintain a healthy body weight; be physically active; eat a healthy diet, avoiding sugar and saturated fats intake; and avoid tobacco use.

WHO added that early diagnosis of the disease is also important and it can be accomplished through inexpensive testing of blood sugar.

Sy urged the public to be screened for diabetes especially if they experience symptoms like excretion of urine, constant thirst and hunger, weight loss, vision changes, and fatigue.

"It is important to get checked because diabetes is intimately related to cardiovascular conditions, so prevention is key," she said. *(PNA)*

# BUHAY-KARERA



MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com

## JOYOUS SOLUTION, NAKUHA SA TIYAGA


Nakuha sa tiyaga ng hineteng si Erwin Blancaflor ang kanyang sakay na kabayong si Joyous Solution matapos na lagpasan halos pameta na lamang ang nakalaban na si Boss Emong na panay ang tingala kapag nakapasok na sa huling 200 metro ng takbuhan.

Tumersero lamang ang isa sa inaasahan na si Malatan Og Falls na sinakyan ni Unoh Hernandez na ayon na rin sa mga kareristang nakapanood ay parang wala talagang interes na mailapit man lang dahil nasa unahan na iyong mas kinikilingan niyang koneksiyon na mabuti na lamang ay hindi nanalo, kaya laking tuwa rin nung mga karerista na nakalagay sa kanya na kahit pa ipinatalo sila ay nasunog naman ang kolokohang binalak ayon sa mga beteranong karerista.

Sa sumunod na takbuhan ay nadiskartehan nang husto ni Onyok Garcia ang nadehado pang kabayo na si Clear Talk, na kung talagang may interes na patakbuhin ng totoo ay hindi talaga pahuhuli si kabayo sa kanyang tapang sa laban at hindi iyong nangyari nung huli na tila manikin lang ang nasa ibabaw dahil mas kinikilingan niya ang koneksiyon nung tumalo sa kanila.

Samantala, naipanalo muli ni Toypits Guerra ang puting kabayo na si Holy Bulley.

Mabuti na lamang ay naging maagap at matalas ang pakiramdam ni Toypits sa kalaban na lumutsa sa kanya sa unahan, na ang basa ng mga beteranong karerista ay kaya nanlulutsa iyong nakalaban niya sa banderahan ay upang mapabor sa reremateng si Princess Tin na sumegunda sa datingan.




# One can't get HIV from eating fish: DOH chief

MANILA — Department of Health (DOH) Secretary Francisco Duque III on Wednesday said one cannot be infected with human immunodeficiency virus (HIV) by eating fish from supposedly contaminated waters.

Duque made this remark in response to social media posts warning the public against buying and eating fish from Visayas and Mindanao where syringes suspected of being used for HIV-AIDS treatment were thrown.

"*Ang* virus *na sanhi ng* HIV-AIDS (acquired immunodeficiency syndrome) *ay hindi nabubuhay sa labas ng katawan ng tao, at lalo na kung iyan ay mapupunta sa tubig na maasin at maarawan, ay hindi ito pwedeng lumipat sa isda kaya nga tinawag nating* (The virus causing HIV-AIDS doesn't live outside the human body, especially if it goes to salty water and under the sun, this cannot transfer to fish that's why we call it) human immuno deficiency virus," he said in a radio interview.

He called on the public to double-check reports and not to spread fear on social media.

*"Alam mo naman dahil sa* social media *ay marami nang mga taong* empowered *maglagay ng kung anu-ano at ang mga taong walang ginagawa ay pini-pick up ito at kinakalat din. Dapat magsipag tayo at gumawa tayo ng mga bagay na makakatulong imbis na magbibigay ng takot o alinlangan sa ating mga kababayan hinggil sa sakit* (You know because of social media many are empowered to post anything and people pick it up and share it. We should be diligent in doing things that can help and not spread fear or worries to our fellowmen about the disease)," he said.

In the Philippines, Duque said the number of HIV cases is increasing, but this is being addressed.

Latest figures from the DOH showed there were 1,072 new cases of HIV in the Philippines as of October 2018. Of this number, 306 are age 15 to 24 years old.

The percentage of youth getting infected with HIV has increased to 29 percent from 13 percent over the last decade.

*"Mayroong tumataas na bilang nito. Ito ay tinutugunan naman at mayroong ding bagong* HIV-AIDS Act *na may maraming probisyon na makatutulong maging mas epektibo ang implementasyon ng batas para mapigilan ang* HIV-AIDS epidemic *kung magkaroon man* (It has increasing cases, these are being addressed and there is a new HIV-AIDS Act with provisions which can help in implementing the law to prevent HIV-AIDS epidemic if there's one)," Duque said. *(PNA)*

# SHAINA MAGDAYAO, TAMA LANG MAGPAHINGA AT MAGRELAKS-RELAKS




**MARAMING fans ang sadyang namiss ang kanilang idolong si Shaina Magdayao.**

Pati ang mga sumusubaybay sa aktres ay bahagyang nawalan ng kaganapan sa kanya.

For how many weeks ay sinulit talaga ni Shaina ang kanyang pagbabakasyon.

Siyempre sa piling ng kanyang pamilya inilaan ang pagbabakasyon.

Last December ay talaga namang binigyang laya ng aktres ang kanyang sarili.

Concentrate si Shaina sa vacation with family kaya pati ang kanyang social media ay bakasyon din.

Kaya nga nagbakasyon para maramdam ang tunay na pagbabakasyon at hindi iyong mahahati ang oras during vacation.

Dahil sa long vacation kaya sa Amerika ipinagdiwang ni Shaina ang nakaraang Pasko.

Everybody deserves naman para sa pagbabakasyon kahit sino o ano pa man tayo.

Kaya oks lang para kay Shaina na magbakasyon, tama lang na magpahinga at magrelaks-relaks paminsan-minsan.

Kaya kayo diyan kapag may pagkakataon o time ay pahinga naman at relaks-relaks.



@@@

**IBA KA ANGELINE QUINTO**

Kamakailan ay nagtungo sa Pilipinas si Sri Lanka President Maithripala Sirisena.

Bahagi ito ng limang araw na pagbisita sa ating bansa ni Sirisena.

Isa ang ating singer na si Angeline Quinto na naimbitahan para sa pagtatanghal.

Sa harap ni Sirisena at ng ating Pangulong Rodrigo Duterte ipinamalas ng 29-anyos singer ang angking kakahayan sa pag-awit.

Proud siyempre si Tatay Digong sa ipinakitang talento ng singer na kanyang kinamayan si Angeline habang katabi ang Sri Lankan president.

Karangalan naman para kay Angeline na makapagtanghal sa dalawang pinuno ng dalawang bansa.

Para kay Angeline ay isa iyong magandang pagkakataon na makapagbahagi ng telento sa mga bisita mula sa ibang bansa.

Iba ka talaga Angeline, mabuhay ka!

Speaking of Sirisena, sinasabing siya ang kaunaunahang Sri Lankan leader na nakabisita sa ating bansa.

@@@

**2018 MISS UNIVERESE CATRIONA GRAY, NAKIUSO NA RIN**

In na ina o usung-uso sa facebook ang '10 Year Challenge.'

Maging si 2018 Miss Universe Catriona Gray ay nakiuso na rin dito.

Nag-post na rin ng kanyang larawan noong 2009 at ngayong 2019 ang 25-anyos na Fil-Australian beauty.

Ang tubong Albay na si Catriona habang sinusulat ito at nananatili sa New York para sa kanyang Miss Universe duties.

Malapit na nga pala ang unang international tour ni Catriona na sinasabing sa Indonesia.

Well, baka kayo ay hindi pa nakikiuso sa naturang challenge kaya go na.




**(ika- 101 labas)**

**NAGLALARO** na rin sa dalawang buwan na hindi nagpupunta si Kardo kay Lyka.

"May tumatawag sa 'yo Kardo, Ch. Leo Kha."

Nakaupo si Kardo sa sala na nagbabasa ng mga dyaryo nang tumunog ang kanyang cellphone na nakalapag sa isang drawer doon.

Eksaktong papadaan si Inday na may dala-dalang meryenda nila kaya natanaw kung sino ang tumatawag.

"Ah si 'Tserman Kha ba 'yung tumatawag, mamya ko na lang sasagutin 'yan."

Pagkalapag ng meryenda ay akmang kukunin sana ni Inday ang cellphone pero pinigilan siya ng kanyang mister.

Huminto na rin naman ang pag-ring ng cellphone kaya hindi na rin tumalima si Inday.

"Baka naman importante ang tawag na 'yun tapos 'di mo kaagad sinagot."

Concern pa si Inday sa pagkakatawg na iyon ni Chairman Leo Kha.

"Parang 'mizkol lang naman 'yun eh, kung importante 'yan eh magdidiretso sa pagtawag 'yun."

"Lantakan na lang natin itong meryendang inihanda mo kaya ang mabuti pa ay tawagin mo na ang anak mo."

Habang nagmemeryenda ang mag-anak ay hindi nakatiis si Inday na magtanong sa kanyang asawa.

"Eh Kardo kumusta na nga pala si Chairman Kha? May isa pa siyang term 'di ba sa pagkatserman?"

Hindi pa nakikitang personal ni Inday si Chairman Kha pero ang alam niya ay sa Baguio ito.

Naikuwento sa kanya ni Kardo na nagkakilala lamang sina Chairman Kha at mister niya sa Baguio.

Iyon ang panahong barangay chairman pa si Kardo at dumalo sa seminar sa Baguio noon.

Sa lawak ng Baguio ay hindi naman naitanong ni Inday kay Kardo kung saang barangay doon nanunungkulan si Chairman Kha.

"Kung 'di pa ako nagmizkol sa 'yo eh mukhang wala kang balak na puntahan pa ako rito."

**(Itutuloy)**




**(ika-100 labas)**

"**OH** my gosh, hanep! Ang ganda-ganda naman talaga."

Sa ibaba ay dinig na dinig ng tatlong magkakapatid ang tinig ng kanilang auntie.

Nagkatinginan ang tatlo at kasunod ay sabaysabay na umakyat.

"Hanep! Ang ganda nga ng pagkakaayos ng silid mo po auntie."

Maging ang magkakapatid ay napamangha sa napalalaking ipinagbago ng itsura ng kwarto ni Aling Tita.

"Bilib kami sa girlfriend mo 'tol, akalain mong napakahusay pala n'ya."

Mismong si Aling Tita na ang nagsabi at nagutos kay Jerome na papuntahin ang nobya nito sa bahay.

"Dagul, may mga stock bang mailulutong pagkain sa ref? Maghahanda kasi ako para makapagsalu-salo tayo."

"Jerome, papuntahin mo rito si Maribeth. Gusto ko s'yang pasalamatan."

"Bert, ikaw naman at ang Kuya Dagul mo eh mukhang mauunahan pa kayo ng bunsong kapatid n'yo na makapag-asawa ah."

"Dapat ay makapagnobya na kayo at kailangan ay kagaya ng nobya ni Jerome na mahusay sa loob ng bahay."

Nagtawanan lamang ang magkakapatid at pagkaraan ay kumilos na rin.

Inutusan nina Dagul at Bert si Jerome na puntahan at sunduin na si Maribeth.

"Kami na lamang ni Bert ang kikilos dito, sabi ni auntie ay sunduin mo na raw ang 'yung nobya."

Gusto nina Dagul at Bert na sila na lamang dalawa ang kikilos sa pagluluto.

Pero ayaw ni Aling Tita dahil mas gustong siya ang mag-asikaso at ang dalawa ay nagmistulang mga helper lamang.

Napupuna nina Dagul at Bert ang masigla at maliksing pagkilos ni Aling Tita.

Parang nakikita nila iyong mga panahong abalang-abala si Aling Tita sa pag-aasikaso at pagluluto sa karinderya.

Hanga sila sa istilo ng pagkilos ni Aling Tita, may sistema kaya mabilis na nakakatapos.

**(Sundan)**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
Mortgagee,
-versus-

**FORECLOSURE CASE NO. F-123-18**

**JOAQUIN G. MARCELO III**
**married to JESSICA R. MARCELO,**
Mortgagor/s,
x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by Mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**, with business address at 14th Floor, JELP Business Solution Center, N0. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City, against the Mortgagor/s **JOAQUIN G. MARCELO III married to JESSICA R. MARCELO**, with residence and postal address at Lot 9 Block 6 Dahlia St., Springville Garden II, Molino, Bacoor, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of October 9, 2017 amounts to **SEVEN HUNDRED SEVENTY EIGHT THOUSAND SIX HUNDRED ELEVEN PESOS and 60/100 (P 778,611.60)**, Philippines Currency including interest and penalty charges as of said date but excluding foreclosure expenses and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **April 2, 2019** at 2:00 o'clock in the afternoon at the main entrance of the Government Center Building, located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder, for **CASH** and in Philippine Currency, the following property/ies with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 077-2015000018**

"A parcel of land (Lot 7, Blk.19, of the cons., subd. plan, Pcs-04-023167, being a portion of Lots 2455-N, 3615 & 3619-B, Fls-1839, Sta. Cruz de Malabon Est.) situated in the Barangay of Cabuco, City of Trece Martires, Prov. of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the SW., along line 1-2 by Lot 6, Block 19; on the NW., along line 2-3 by Lot 9, Block 19; on the NE., along line 3-4 by Rd. Lot 16 and on the SE., along line 4-1 by Lot 5, Blk. 19 all of the cons. subd. plan. Beginning at a point marked "1" on plan. **x x x** containing an area of **FIFTY (50) SQUARE METERS**" **x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and place.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **April 9, 2019** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and encumbrance thereon if any there be.

Trece Martires City, **January 14, 2019**.

**LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**COPY FURNISHED:**
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
14th Floor, JELP Business Solution Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

**JOAQUIN and JESSICA R. MARCELO**
Lot 9 Block 6 Dahlia St., Springville Garden II,
Molino, Bacoor, Cavite

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale

**Publication: HANEP** January 21, 28 and February 4, 2019

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
Mortgagee,
-versus-

**FORECLOSURE CASE NO. F-124-18**

**MARIDEL A. MIGUEL**
**married to EDWIN D. MIGUEL,**
Mortgagor/s,
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by Mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**, with business address at 14th Floor, JELP Business Solution Center, N0. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City, against the Mortgagor/s **MARIDEL A. MIGUEL married to EDWIN D. MIGUEL**, with residence and postal address at Lot 13 Block M-10 Emmanuel DBBE, Dasmariñas, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of October 25, 2017 amounts to **SEVEN HUNDRED FORTY SIX THOUSAND FIFTY FIVE PESOS and 99/100 (P 746,055.99)**, Philippines Currency including interest and penalty charges as of said date but excluding foreclosure expenses and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **April 2, 2019** at 2:00 o'clock in the afternoon at the main entrance of the Government Center Building, located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder, for **CASH** and in Philippine Currency, the following property/ies with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1324098**

"A parcel of land (Lot 37, Blk.1, of the subd. plan, Pcs-04-020925, being a portion of Lots 2565 and 3484 (Rs-04-082981) San Francisco De Malabon Estate, LRC Record No. 5984), situated in the Barangay Santiago, Municipality of Gen. Trias, Prov. of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the SE., along line 1-2 by Lot 36, Block 1 of the cons. subd. plan; on the SW., along line 2-3 by Lot 3482-B, Psd-11187;on the NW., along line 3-4 by Lot 38 Block 1 and on the NE., along line 4-1 by Road Lot 1 both of the cons. subd. plan. Beginning at a point marked "1" on plan. **x x x** containing an area of **FIFTY (50) SQUARE METERS**" **x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and place.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **April 9, 2019** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and encumbrance thereon if any there be.

Trece Martires City, **January 14, 2019**.

**LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**COPY FURNISHED:**
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
14th Floor, JELP Business Solution Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

**MARIDEL and EDWIN D. MIGUEL**
Lot 13 Block M-10, Emmanuel DBBE
Dasmariñas, Cavite

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale

**Publication: HANEP** January 21, 28 and February 4, 2019

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
Mortgagee,
-versus-

**FORECLOSURE CASE NO. F-125-18**

**NORY D. MONTON**
**married to FREDERICK P. MONTON,**
Mortgagor/s,
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by Mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**, with business address at 14th Floor, JELP Business Solution Center, N0. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City, against the Mortgagor/s **NORY D. MONTON married to FREDERICK P. MONTON**, with residence and postal address at Lot 5 Block 16 Camachile, Subdivision, Pasong Camachile I, General Trias, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of September 5, 2017 amounts to **TWO HUNDRED NINETY SEVEN THOUSAND ONE HUNDRED EIGHTY FIVE PESOS and 46/100 (P 297,185.46)**, Philippines Currency including interest and penalty charges as of said date but excluding foreclosure expenses and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **April 2, 2019** at 2:00 o'clock in the afternoon at the main entrance of the Government Center Building, located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder, for **CASH** and in Philippine Currency, the following property/ies with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1153052**

"A parcel of land (Lot 5, Blk.16, of the cons. subd. plan, Pcs-04-016688, being a portion of Lot 1973 of the San Francisco De Malabon Friar Land Estate, Rs-04-002954, G.L.R.O. Rec. No. 5960), situated in the Barangay of Pasong Camachile, Municipality of Gen. Trias, Prov. of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the NW., along line 1-2 by Lot 7; on the NE., along line 2-3 by Alley 16; on the SE., along line 3-4 by Lot 3; on the SW., along line 4-1 by Lot 4 all of the subd. plan. Beginning at a point marked "1" on plan. **x x x** containing an area of **THIRTY SIX (36) SQUARE METERS**" **x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and place.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **April 9, 2019** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and encumbrance thereon if any there be.

Trece Martires City, **January 14, 2019**.

**LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**COPY FURNISHED:**
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
14th Floor, JELP Business Solution Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

**NORY and FREDERICK P. MONTON**
Lot 5 Block 16, Camachile Subdivision,
Pasong Camachile I, General Trias, Cavite

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale

**Publication: HANEP** January 21, 28 and February 4, 2019

CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo**
**sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St.**
**corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/**
**0918-6174067**

# HELPER HINIWALAYAN NG LIVE-IN PARTNER, NAGBIGTI

**HINIHINALANG dahil sa paghihiwalay nila ng kanyang live-in partner kaya minabuti ng isang 23-anyos na helper na wakasan na ang kanyang buhay sa pamamagitan ng pagbigti sa Dasmarinas City, Cavite.**

Kinilala ang biktima na si John Mark Dexter Valdevieso, stay in sa barrack sa 32 Jose Abad Santos, Brgy. Salawag, Dasamarinas City.

Sa ulat ni PO1 Jessie Villanueva, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-10:00 ng Linggo ng umaga nang natuklasan ni Nestor delos Santos, katrabaho ng biktima, si Valdevieso nakabitin ang kanyang leeg sa loob ng kanilang barracks sa nasabing lugar gamit ang isang nylon na lubid.

Wala namang indikasyon na may foul play sa pagkamatay ng biktima dahil wala namang nakitang anumang sugat o pinahirapan ito subalit ayon kay PO3 Villanueva, dalawang linggo na umano nang naghiwalay ang biktima at kanyang live-in partner matapos itong iuwi ang kanilang anak sa Iloilo.

Simula noon ay naging malungkutin ito hanggang sa nagpasyang tapusin na ang kanyang buhay.

Ang biktima ay nagtratrabaho bilang helper sa pagawaan ng hallowblocks sa nasabing lugar. **GENE ADSUARA**

# Rider, tigbak; angkas, sugatan

**MISTULANG** sinalubong si kamatayan ng isang motorcycle rider habang sugatan ang angkas nito nang araruhin ng kasalubong nitong sasakyan sa Dasmarinas City, Cavite.

Dead on the spot ang biktimang inilarawan na may taas na 5 talampakan at nakasuot ng puting Tribal t-shirt at fatigue na short pants, habang ginamot sa Pagamutan ng Dasmarina City ang angkas nitong si Jerry dela Pena, 53, may-asawa, obrero, at ng Block 27 Lot 8 City Homes, Langkaan, Dasmarnas City, dahil sa tinamong sugat sa katawan.

Inaresto naman ang driver ng isang Hyundai van na si Charito Gaspar, 56, may-asawa, negosynate, at ng Block 2 Lot 20 Ph1 Solar Homes, Dasmarinas City.

Sa ulat ni PO1 Norman Guerra, ng Dasmarinas City Police Station, minamaneho ng biktima ang kanyang motorsiko at angkas si Dela Pena habang binabagtas ang kahabaan ng Amuntay Road patungo sa direksiyon ng Dasmarinas City Proper dakong ala-1:00 ng madaling araw nang makasalubong ang minamanehong van ng suspek na sinakop ang kabilang kalsada dahilan upang salpukin ang motorsiklo na nagresulta sa agarang kamatayan ng rider at pagkakasugat ng angkas nito.

Kasong Reckless Imprudence Resulting in homicide ang isinampa laban sa driver ng van. **GENE ADSUARA**

# Canteen staff, 'dedo' sa motorsiklo

**ISANG** 54-anyos na canteen staff ang namatay nang masagasaan ng isang motorsiklo habang papatawid sa kalsada sa Dasmarinas City, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Asian Medic Hospital ang biktimang si Maria Lindi Agustin, ng 65 Paliparan II, Dasmarinas City.

Naaresto naman ang suspek na si Jouard Dionisio, 34, computer techician, may-asawa, at ng 126 Marimel Subd., Lambakin, Marilao, Bulacan.

Sa ulat ni PO1 Norman Guerra, ng Dasmarinas City Police Station, minamaneho ni Dionisio ang kanyang motrosiklong Yamaha at binabagtas ang kahabaan ng Molino-Paliparan Road, sakop ng Dasmarinas City dakong alas-7:00 ng umaga nang pagsapit sa harapan ng DOI building sa Brgy Paliparan II, ay nabangga nito ang biktima na papatawid.

Isinugod ang biktima sa ospital subalit namatay ito habang gnagamot.

Kasong Reckless Imprudence resulting in homicide ang isinampa laban sa suspek. **GENE ADSUARA**

# DOE ensures proper oil excise tax implementation

**TAGUIG CITY (PIA)**—The Department of Energy (DOE) conducted its first round of validation activities across various fuel retail outlets with the aim of ensuring the proper implementation of the second tranche of excise tax on petroleum products under the Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law last week.

Energy Secretary Alfonso G. Cusi said the DOE is set to conduct a second round of validation activities in the coming days and a full report will be released once all the data has been consolidated.

Validation teams from the DOE-Oil Industry Management Bureau visited a total of 22 retail outlets across Quezon City, Caloocan and Malabon that have implemented the second tranche of taxes earlier this month.

DOE field offices also conducted validation activities, with 57 retail outlets visited by the Luzon Field Office, 7 by the Visayas Field Office, and 29 by the Mindanao Field Office.

The DOE teams compared their copies of depot-issued delivery receipts and sales invoices with the official receipts being issued by the retail outlets to determine the specific excise implementation dates and verify that the outlets are imposing the correct excise tax rates.

Likewise, the teams checked the compliance of the retail outlets in clearly displaying the one meter by one meter signs which informs the consumers of the implementation date of the additional excise taxes and the petroleum products that are covered.

Show Cause Orders (SCOs) were also served, directing the retail outlets to explain in writing and under oath; their early implementation of the second tranche and to submit all the supporting documents that would substantiate the validity of the imposition.

As of January 17, 1,639 retail outlets or 19% of the 8,630 outlets nationwide are already implementing the second tranche of fuel excise tax.

"We are vigilantly monitoring the implementation of the TRAIN Law so that our consumers will be amply protected," Sec. Cusi assured. **(PIA-NCR)**

# P9.5M SSF, ipinagkaloob ng DTI sa koop sa Meycauayan

**LUNGSOD NG MALOLOS (PIA) —** Ipinagkaloob ng Department of Trade and Industry o DTI ang P9.5 milyon halaga ng Shared Service Facility o SSF sa isang kooperatiba ng mga Muslim sa lungsod ng Meycauayan na gagamitin sa printing at packaging ng mga halal products.

Ayon kay DTI Provincial Director Zorina D. Aldana, lumagda sila ng kasunduan sa Islam Traders Halal Transaction Multi-Purpose Cooperative upang masiguro ang tiyak na tagumpay ng SSF sa pagibigay tulong sa mga micro, small and medium enterprises, pagdagdag ng empleyo at pag unlad ng industriya.

Dagdag pa ni Aldana na ito na ang pinakamalaking SSF sa buong Gitnang Luzon at hangad nilang marami itong matulungan na negosyante.

Kabilang sa mga makinang pinagkaloob ang Latex Print and Cut Machine, Flatbed Cutter at Digital Press na kayang magimprenta ng mga packaging at labels para sa iba't ibang klaseng produktong pagkain sa merkado.

Ang mga makina ay sertipikadong eco-friendly at sumusuporta sa Green Economic Development. **(CLJD/VFC-PIA 3)**



**ALL OUT IN ADDRESSING THE CONCERNS OF CAVITEÑOS:** In its firm resolve to serve the majority of Caviteños in their respective localities, the provincial government continuously brings programs aimed to address the needs and concerns of constituents around the province. On January 18, 2019, Governor Jonvic Remulla visited Cavite City where he led the distribution of a total of seventy-six (76) bokyo on behalf of Governor Boying Remulla to the different barangays in a simple turn-over program held at Samonte Park. The patrol vehicles will be used to easily respond to emergencies and intensify the peace and order around the locality. Present during the event were Cavite City Mayor Bernardo "Totie" Paredes and other local officials. In the afternoon, another leg of Ugnayan sa Barangay was conducted at San Esteban Covered Court in the City of Dasmariñas. Governor Jonvic Remulla also led the event where he was joined by 4th District Board Member Teofilo Lara and city councilors who also expressed their deepest commitment to serve and provide worthy programs for the residents.

# HANEP
Basahin Mo Ito!

## PARAK SA CHECKPOINT, BINANGGA NG LADY RIDER

**ARESTADO ang isang 28-anyos na lady rider nang banggain nito ng kanyang minamanehong motorsiklo ang isang pulis-Cavite na nagtangkang pigilin ito sa isang checkpoint sa Rosario, Cavite.**

Kasong Direct Assault, Slight Physical Injury at paglabag sa Sec. 19 of RA 4136, RA 10054 at RA 10586 ang isinampa laban kay Jennelyn Dalmacio, factory worker, ng Brgy. Tejeros Convention, Rosario, dahil sa reklamo nina PO2 Ely Miranda at PO1 Rico Cabahug, kapwa nakatalaga sa Rosario Municipal Police Station.

Sa ulat ni PO1 Joeyluz Pulusan, ng Rosario MPS, dakong alas-11:30 gabi nang naglatag ng Comelec checkpoint ang mga meimbro ng Rosario MPS sa Gen. Trias Drive, Brgy. Tejeros Convention, Rosario, kung saan pinara ni PO1 Cabahug ang isang kulay violet na motorsiklong Yamaha Mio na minamaneho ng suspek.

Gayunman, imbes na tumigil ay pinaharurot nito ang kanyang motorsiklo kaya hinarang ito ni Miranda na nasa unahan pero binangga siya kaya tinangka nilang arestuhin subalit sinigawan sila ng 'Pu….. nyo paharang-harang kayo sa daan mga pu….ina nyo ' subalit naaresto rin sa bandang huli.

Si Miranda ay nagtamo ng sugat sa katawan at nasira din ang kanyang service firearm.

Ang suspek ay ikinulong sa Rosario Custodial Center. **GENE ADSUARA**

# KALIBRE



ROMY SANTOS
0977-7844136

## Walang karapatang gumawa ng bata

ELEMENTARYA pa lamang ako ay laman na ako ng lansangan, kumbaga ay batang-bangketa.

Kaya naman nasa bangketa ay dahil ako ay nagtitinda, in short ay isa akong sidewalk vendor.

Paglabas ng eskuwelahan ay diretso ng bangketa upang tumulong sa lola at tiyahin sa pagtitinda.

Kapag summer vacation ay whole day ako sa pagtitinda sa bangketa.

Hanggang sa makatuntong sa unang taon sa kolehiyo ay nasa bangketa pa rin ako bago nakahanap ng trabaho upang maging isang self-supporting student.

Balik tayo sa panahong elementarya na ako ay nasa bangketa, ibaibang klase na ang aking naitinda kabilang na ang mga daily newspaper na noon ay saglit lang ay ubos kaagad lalo at malaki ang banner story.

Kakatuwa nga na dati ay nagtitinda ako ng mga dyaryo na kalaunan ay naging writer o reporter din ako at naranasang maging editor ng ilang pang-arawaraw na pahayagan.

Nang subukin kong magtinda ng mga paper bag ay natural na hindi ako mapipirmis o maglalagi lamang sa puwesto ng aking lola at tiya.

Kinakailangang maglibut-libot dahil mga paper bag nga ang aking itinitinda para makahanap ng mga taong mayroong bitbit o dalang gamit o pinamili upang alukin ng aking paninda.

Noong nasa puwesto lamang ako ay nakikita ko na ang mga kagaya kong bata na paroo't parito pero hindi sila mga vendor.

Sa pagtitinda ng mga paper bag ay doon ko mas lalong nakita ang galaw ng ilang kapwa ko musmos o aking kaedad.

Kaya pala sila palakadlakad ay dahil kakaiba ang kanilang inaatupag o ginagawa.

Ang kanilang lakad o pakay ay para makapagnakaw sa pamamagitan ng pandurukot at kung minsan ay pang-ii-snatch.

Sa aking murang edad noon ay nagtataka ako kung bakit nila nagagawa iyon, bakit ang lalakas ng kanilang loob na magnakaw sa kabila na halos kaedad ko lamang sila.

Maganda sana ang kita o benta sa paglalako o pagtitinda ng mga paper bag subalit mas minabuti kong bumalik na lamang sa puwesto at mag-iba ng paninda.

Iyon ay dahil nagkaroon ako ng ekspiryensa na kapwa ko bata o isa sa kanila na nakita ko habang nandudukot ay nilabasan ako ng matulis na bagay at nagbanta na sasaksakin ako kapag ako ay nag-ingay o nagsumbong doon sa dinukutan.

Maraming karanasan sa panahon ng aking buhay-bangketa lalo na noong ako nasa elementarya pa lamang.

Kaya ako nagbaliktanaw ay dahil sa isyu ngayon tungkol sa pagpapababa ng edad sa criminal liability.

Ibinabahagi ko lamang na noon pa man ay nagagamit na talaga ang mga bata sa paggawa ng krimen.

Ito na nga kaya ang solusyon sa pagsugpo sa pagdami ng krimen sa bansa?

Mahirap sagutin ano po, lalo at iba-iba ang naririnig natin sa mga magkakabilang panig.

Iyan ang nais ng kasalukuyang pamahalaan, ang kailangan lamang ay patunayan ng gobyerno ngayon na tama at epektibo ang kanilang isinusulong.

Ang bata, sa edad na siyam kumbaga sa prutas ay bubut na bubot pa na hindi pa dapat pitasin.

Pero kagaya sa prutas na kahit bubot o hilaw pa ay pinipitas na at ginagawan ng paraan upang mahinog.

Baka naman ganito ang pakay ng gobyerno kaya ibinababa sa siyam na taong gulang ang criminal liability, na kahit bubot pa ay sila (pamahalaan) ang maghihinog nito.

Sana nga lamang ay magkaroon ng magandang katuparan ang minimithi ng kasalukuyang administrasyon.

Alalahanin lamang na noon pa ay may Republic Act 9344 o Juvenile Justice and Welfare Act na.

Hay naku! Bata…bata…bakit ka ginawa? Para ba turuang gumawa ng masama?

Kung tuturuan lamang sa paggawa ng masama, aba'y wala kayong karapatang gumawa ng bata.

## 2 Dayuhan, laglag sa kulungan

**ARESTADO** ng Cavite police ang dalawang Nigerian national sa isinagawang buy bust operation sa Dasmarinas City, Cavite.

Kinilala ang mga suspek na sina John Udeh, alias "Duds" , 33, walang permamenteng tirahan, tubong Imo State, Nigeria at Suday Oguwike, 39 , mayasawa at stay in sa The Last Salvation of Christ Celestial Church sa Brgy. Anabu 2D, Imus City, at tubong Legos, Nigeria habang pinaghahanap pa ang kasamahan nilang isang Pinoy na kinilalang si alias "Al Motus", may-ari ng bahay kung saan isinagawa ang buy bust operation.

Sa ulat ni PO3 Rogelio Raquin, Jr., ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-9:00 ng gabi nang ikasa ang buy-bust operation sa bahay ni Al Motus sa Mahogany St., Brgy. Sto. Nino 2, Dasmarinas City, ng pinagsanib na puwersa ng Drug Enforcement Unit ng Cavite Provincial Intelligence Branch at Dasmarinas CPS kung saan naaresto ang dalawang Nigerian national matapos na nakipag-transaksiyon kay PO1 John Israel na nagsilbing posuer buyer.

Bukod sa nakuhang sachet ng shabu at P500 na buy bust money mula kay Udeh, narekober naman sa brief ni Oguwike ang tinatayang 100 gramo ng shabu na nagkakahalaga ngP680,000.

Nakatakas naman ang Pinoy na may-ari ng bahay nang natunugan na pulis ang ka-transaksiyon ng dalawa.

Ang dalawang Nigerian national ay nakakulong sa Dasmarinas Custodial Center kaugnay ng kaukulang kaso laban sa kanila. **GENE ADSUARA**

## Nanghiram ng tapang sa alak, himas-rehas

BINIBIT ng mga barangay tanod ang isang 18-anyos na obrero matapos nagwala sa kanilang barangay dahil sa sobrang kalasingan sa Dasmarinas City, Cavite.

Hawak na ng Dasmarinas Police ang suspek na si James Oraza, binate, ng Block 11 Lot 8 Brgy. Luzviminda 1, Dasmarinas City, dahil sa reklamo nina Bernival Noguit, 39; at Glorioso Maestre, 24, kapwa tanod ng naturang barangay.

Sa report ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas 2:00 ng madaling araw nang ilang concerned citizens ang humingi ng saklolo dahil sa sobrang kalasingan at pagwawala at pambubulabog ni Oraza sa Brgy. Luzviminda 1.

Nagresponde ang dalawang barangay tanod subalit tumangging paaresto ang suspek gayunman sa bandang huli ay tumiklop din ito at idineretso sa istasyon ng pulisya.

Alarm and Scandal ang isinampang kaso laban sa naarestong suspek. GENE ADSUARA



PGC GRANTS WELFARE ASSISTANCE FOR THE LESS PRIVILEGED CAVITEÑOS: The Provincial Government of Cavite (PGC) thru the combined efforts of Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) and Provincial Treasurer's Office (PTO) facilitated the distribution of welfare assistance to indigent residents of Cavite on January 21, 2019 at the Provincial Gymnasium in Trece Martires City. A total of P 3,061,000.00 was distributed to 864 locals – 684 of whom are recipients of burial assistance, 78 for medical assistance, 54 children with special needs, 23 indigent families, 16 recipients of reintegration assistance to OFWs and 9 for assistance to Out-of-School-Youths. Governor Boying C. Remulla reiterated the local government's willingness to extend help to those who are in need and echoed his commitment in line with his advocacy "Mula sa Bayan, Para sa Bayan". OIC-PCLEDO and Supervising Cooperative Development Specialist Atty. Khervy Reyes and OIC-PSWDO Ms. Daryl Avila were also in attendance during the program. - (PICAD)